

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagdiriwang ng Lungsod ang Araw ng Emansipasyon na may food truck festival

BRAMPTON, ON (Hulyo 23, 2021) – Sa Agosto 1, iniimbitahan kayo ng Lungsod ng Brampton na ipagdiwang ang Araw ng Emansipasyon, kinikilala sa buong mundo bilang araw para gunitain ang pagtanggali ng pang-aalipin sa mga tao na lahing Aprikano. Magsisimula ang event sa personal na pagtataas ng watawat sa Ken Whillans Square sa 10 am, na susundan ng food truck festival, kabilang ang musika at aliw, mula tanghali hanggang 8 pm sa Emancipation Park, 7599 Dixie Road. Kinailangan ang paunang pag-register para makasali.

Pasisimulan ng [Economic Empowerment and Anti-Black Racism Unit](#) ng Lungsod ng Brampton ang *Passing the Torch Awards*, isang bagong programa ng pagkilala na magpapasama-sama sa kabataang Black at sa mga trailblazer, na nagsisimbolo sa kaalaman at daan sa tagumpay. Ang pangunahing tagapagsalita na si Zanana Akande, ang unang babaeng Black na napili sa Legislative Assembly ng Ontario, ay magpapasimula sa program ng award sa Ken Whillans Square kasunod ng pagtaas ng watawat.

Para magpatala para sa pagtaas ng watawat o i-book ang iyong table para sa food truck festival, bisitahin ang brampton.ca/events

Unang kinilala ng Lungsod ang Araw ng Emansipasyon noong 2020 kasabay ng pagbibigay ng bagong pangalan sa Dixie 407 Sports Park tungo sa Emancipation Park, na nagtatampok ng maliit at malaking mga soccer pitches, at cricket grounds. Sa taon na ito, iniimbitahan namin ang lahat na kilalanin ang Caribbean heritage at ang kalayaan, ang ambag ng komunidad na Black sa Brampton, at ipinagdiriwang ang ating diverse na mosaic sa araw ng sining, kultura, pagkain at komunidad.

Mga Quote

“Ang iba-ibang background ng Brampton ay ang nagpapa-unique at nagpapagandang mosaic ng lungsod na ito, na ipinagdiriwang at pinapahalagahan natin. Sa nakalipas na taon, pinroklama ng Konseho ng Lungsod ang Agosto 1 bilang Araw ng Emansipasyon at binigyang bagong pangalan ang Dixie 407 Sports Park ng Lungsod na Emancipation Park para makasali sa pandaigdigang pagkilala at gunitain ang nakalipas habang tayong lahat ay nagsisikap sa patas at pantay na kinabukasan para sa lahat ng Bramptonian.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa nakalipas na taon, ang Unit Kontra Rasismo sa Black ay walang pagod na nagsisikap para ikonekta ang komunidad ng Black sa Brampton para magkaroon ng makahulugang talakayan tungkol sa kasalukuyang kapaligiran natin at mga pagkakataon para sa pag-unlad at suporta. Ang Araw ng Emansipasyon ay isang paraan para sa atin na kumonekta sa buong komunidad para ipagdiwang ang heritage at kultura ng Black sa Brampton, at ipagpatuloy ang mga pag-uusap na ito.”

- Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton

“Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagsasali kapwa sa lugar ng trabaho at sa ating komunidad. Ang ating Unit na Kontra Rasismo sa Black ay itinatag ang sarili sa komunidad at nagiging aktibong partner sa pagtatrabaho tungo sa pagbabago sa Brampton. Ang mga event na tulad nito ay nagpapahintulot sa amin na umpisahan ang mga pag-uusap at ipagdiwang ang kultura at komunidad ng Black sa Brampton.”

- David Barrick, CAO, Lungsod ng Brampton

“Napakahalaga na ang mga mas batang henerasyon ay nakikilahok at hinihikayat na patuloy na gagawin ang emansipasyon sa buong mundo. Simula Agosto 1, ginagawa naming prayoridad na parangalan ang mga gumawa ng daan para sa atin at ginamit ang kanilang legacy para pasiglahin ang mga lider sa hinaharap. Para ikonekta ang agwat sa pagitan ng mga henerasyon, pinapasimulan ng Unit ang Passing the Torch Awards, na kikilala sa mga kabataang achiever na Black na gumagawa ng positibong pagbabago sa komunidad.”

- Gwyneth Chapman, Senior Advisor, Economic Empowerment and Anti-Black Racism Unit, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca